


Music

Unang Markahan – Modyul 4: Ostinato Pattern, Galaw ng Katawan, at Instrumentong Pansaliw



**Music – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 4: Ostinato Pattern, Galaw ng Katawan,
at Instrumentong Pansaliw
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jona Joy O. Ruaya, Selah Mae Joy E. Acosta	
Editor:	Neal Keith Gonzales, Reynaldo Deocampo, Arcel Gacasan,	
Tagasuri:	Marivic O. Arro, Iris Kristine A. Mejos, Menard M. Arenas, Girlie U. Sale Ana Lorma A. Dahiroy, Sherly P. Roluna	
Tagaguhit:	Bless Joice S. Lagare	
Tagalapat:	Ken Harvey C. Famor, Djhoane C. Aguilar	
Tagapamahala:	Allan G. Farnazo	Reynante A. Solitario
	Mary Jeanne B. Aldeguer	Janwario E. Yamota
	Analiza C. Almazan	Djhoane C. Aguilar
	Ma. Cielo D. Estrada	Maria Perpetua Angelita G. Suelto
	Jeselyn B. dela Cuesta	Reynaldo C. Deocampo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Music

Unang Markahan – Modyul 4:
Ostinato Pattern, Galaw
ng Katawan, at Instrumentong
Pansaliw

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa upang lubos mong maunawaan at matutunan ang kaalaman tungkol sa ostinato pattern sa pamamagitan ng pag-indayog ng iyong katawan ayon sa saliw ng awitin.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakalilikha ng ostinato sa pamamagitan ng paggalaw ng katawan at instrumentong pansaliw (**MU3RH-Ie-6**);
2. naisasaliw ang mga tunog gamit ang iba't ibang bahagi ng katawan katulad ng kamay sa pagpalakpak, paa sa pagpadyak at iba pa; at
3. nasasabayan ang ostinato pattern sa pamamagitan ng paggalaw ng katawan tulad ng pagpalakpak, pagpadyak at iba pa habang umaawit ng isang kanta.



Subukin

Lumikha ng isang ostinato pattern na may tatluhang kumpas gamit ang **stick notation** ayon sa awiting “Tirit ng Maya”. Maaaring gumamit ng kamay, paa o iba't ibang bahagi ng iyong katawan upang mapatunog ang ginawang ostinato. Gawin ito habang inaawit ang “Tirit ng Maya” na nasa pahina 2.

Sa paggamit ng rubriks na nasa pahina 2, lagyan ng tsek (/) ang isang kahon ayon sa mga paglalarawan na nasa unang hanay. Pagsamahin ang lahat ng puntos at isulat sa kabuuan.

Tiririt ng Maya

Tiri - rit ng ma - ya Tiri - rit ng i - bon. Anghu - ni ng t'yan ko'y ti - nu - mis na ba -
 boy; Ti - ri - rit ng i - bon Ti - ri - rit ng ma - ya. Anghu - ni ng t'yan ko'y ti - nu -
 mis na ba - ka.

Pinagmulan: MAPEH in Action 3 (Kagamitan ng Mag-aaral) p. 23



	Pinakama- husay (3)	Mahusay (2)	Paunlarin (1)
1. Nakalikha ng wastong ostinato pattern na may dalawahang kumpas.			
2. Naisagawa ang ostinato pattern na may dalawahang kumpas sa pamamagitan ng iba't ibang galaw ng katawan.			
3. Naisasaliw ang tunog gamit ang iba't ibang galaw ng katawan habang sumasabay sa pag-awit.			
Kabuuan			

Aralin

1

Paglikha Ng Ostinato Pattern Sa Pamamagitan Ng Galaw Ng Katawan



Balikan

Panuto: Iguhit mo sa iyong sagutang papel ang stick notation ayon sa simbolong makikita.

1. II: _____ :II



2. II: _____ :II



3. II: _____ :II



4. II: _____ :II



5. II: _____ :II





Tuklasin

Ang paglikha ng simpleng ostinato pattern ay isang paraan upang tayo ay mapasaya at matutong gumawa ng isang simpleng rhythmic pattern gamit ang iba't ibang instrumentong panritmo at **body percussion**.

Halimbawa:

1. Si Mario ay pumupukpok ng martilyo. Ang tunog na nalilikha sa kaniyang pagpukpok ay ganito:



2. Si Angela ay nagtatapik ng dalawang patpat ng kawayan. Ito ay lumilikha ng tunog na:



3. Si Esther at Alice ay namamasyal sa parke. Sa kanilang paglalakad ay narinig nila ang busina ng sasakyan.



Suriin

Iniibig mo ba ang iyong bayang sinilangan? Bakit mo mahal ang Pilipinas? Paano mo maipakikita ang iyong pagmamahal sa ating bayan? Pag-aralan ang awiting “Bayang Sinta”. Ito ay may palakumpasang apatan.

Ginagamit natin ang ostinato bilang pansaliw sa mga awitin. Maaaring gamitin ang mga instrumentong panritmo tulad ng tambol, **maracas** at iba pa bilang pansaliw. Maaari ring gamitin ang iba’t ibang bahagi ng katawan tulad ng kamay, paa at iba pa.

Sa paggawa ng ostinato mahalagang malaman mo na kailangang magkatulad ang sukat ng stick sa palakumpasan. Ang isang stick (|) ay katumbas ng isang bilang, ang magkadugtong na stick (□) ay katumbas ng isang bilang, at ang simbolong ito (≡) ay may katumbas na isang bilang.

Awitin ang “Bayang Sinta” at sabayan ng mga tunog kasunod ng stick notation na may sukat na apatan sa ibaba. Ulit-ulitin ito hanggang sa matapos ang inaawit. Gamitin ang mga sumusunod na paraan upang masaliw ang tunog. Handa ka na ba?

1. Gamit ang mga kamay (Pagpapalakpak)
2. Gamit ang mga paa (Pagpapadyak)
3. Gamit ang dalawang patpat ng kawayan (pagtatapik)
4. Gamit ang tambol (Pagpapalo)
5. Gamit ang mga paa (Pagmamartsa)



Bayang Sinta

T. Martinez C. Llamas

Pinagmulan: MAPEH in Action 3 (Kagamitan ng Mag-aaral) p. 32

Sanayin ang ostinato pattern na may tatluhang bilang na nasa ibaba. Gawin ito habang inaawit ang “Bahay Kubo” na nasa pahina 8 gamit ang iba’t ibang paraan ng pagsaliw.



Bahay Kubo

Tagalog Folk Song



Ba - hay - ku - bo, ka - hit mun - ti, angha - la - man do on, ay sa - ri sa - ri; singka
mas atta - long si - ga - nil - yas at ma - ni, si - taw - ba - taw pa - ta ni. Kun - dōl, pato -
la, u - pōt kala - ba - sa, at sa - ka may - ro'n pang la - ba - nos, mus - ta - sa, si - bu - yas, kama -
ti, ba - wang at lu - ya, sa pa - li - gid ni - to ay pu - no ng li - nga.

Pinagmulan: MAPEH in Action 3 (Kagamitan ng Mag-aaral) p. 22

Pag-aralan naman natin ngayon ang ostinato pattern sa awiting “Kay Gandang Tingnan” na may dalawahang bilang.




Kay Gandang Tingnan

G. J. E. Brondial



O ang bun-dok at ang bul-kan, kay gan-dang ting - nan, Pu-nong ka-hoy at ha-la-man,
7
kay gan-dang ting - nan. Ay! Ay! Ay! Ay! kay gan-dang ting - nan, Ay! Ay! Ay! Ay!
15
kay gan - dang ting - nan.

Pinagmulan: MAPEH in Action 3 (Kagamitan ng Mag-aaral) p. 47







Pagyamanin

Gawain A



Tukuyin ang wastong sagot sa bawat bilang. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



1. Alin sa ostinato pattern ang may sukat na dalawahan (2)?

a.  c. 



b.  d. 



2. Alin sa sumusunod na pattern ang may sukat na tatluhan (3)?


a.  c. 

b.  d. 

3. Alin sa sumusunod na pattern ang by 4's?

a.  c. 

b.  d. 

4. Lagyan ng stick notation. 

5. Si Mina ay umaakyat sa hagdan. Gumawa ng ostinato pattern na tatluhan sa tunog ng kaniyang pagpadyak.



2 

Gawain B

Lumikha ng ostinato pattern sa awiting “Leron Leron Sinta”. Ito ay may dalawahang kumpas sa bawat sukat. Gumamit ng stick notation sa paggawa ng ostinato. Isaliw ang iyong nagawang stick notation gamit ang iba’t ibang bahagi ng iyong katawan o mga gamit sa iyong paligid habang inaawit ang “Leron, Leron Sinta”.

Matapos gawin ang gawain, sagutan ang rubriks. Lagyan ng tsek (/) ang isang kahon ayon sa mga paglalarawan na nasa unang hanay. Pagsamahin ang lahat ng puntos at isulat sa kabuuan.

Leron Leron Sinta

Le - ron - leron sin - ta umak yat sa pa - pa - ya da - la da la'y bus - lo si -
 sid lan ng bu - nga pag - dating sa du - lo na - ba - li ang sa - nga ka - pos kapa - la - ran hu -
 ma - nap ng i - ba

Pinagmulan: MAPEH in Action 3 (Kagamitan ng Mag-aaral) p. 107

2 ||: _____ | _____ | _____ | _____ :||

	Pinakamahasay (5)	Mahasay (3)	Paunlarin (1)
1. Nakalikha ng wastong ostinato pattern na may dalawahang kumpas.			

2. Naisagawa nang wasto ang stick notation.			
3. Naisaliw ang tunog gamit ang iba't ibang galaw ng katawan habang sumasabay sa pag-awit.			
Kabuuan			



Isaisip

Ano ba ang ostinato pattern? Ano-ano ang maaari nating gamitin upang maisaliw ang tunog ng awit? Maaari bang gamitin ang mga bahagi ng ating katawan bilang pansaliw?

1. Ang ostinato ay paulit-ulit na rhythmic patterns na ginagamit na pansaliw sa isang awit maaring ito ay sa kumpas na dalawahan, tatluhan o apatan.
2. Kalimitan ay tinutugtog ito gamit ang iba't ibang uri ng instrumentong panritmo tulad ng **drums, wood blocks, castanets, triangles at rhythm sticks**.
3. Maaari kang gumamit ng iba't ibang bahagi ng katawan o body percussion upang makalikha ng tunog.



Isagawa

Nakadalo ka na ba sa isang pista? Masdan ang larawan sa ibaba. Ano-anong tunog kaya ang iyong narinig? Lumikha ng isang ostinato pattern gamit ang iba't ibang bahagi ng katawan o mga instrumentong panritmo sa kumpas na dalawahan, tatluhan at apatan. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

Matapos gawin ang gawain, sagutan ang rubriks. Lagyan ng tsek (/) ang isang kahon ayon sa mga paglalarawan na nasa unang hanay. Pagsamahin ang lahat ng puntos at isulat sa kabuuan.



4 || : _____ | _____ | _____ | _____ : ||

3 || : _____ | _____ | _____ | _____ : ||

2 || : _____ | _____ | _____ | _____ : ||



	Pinakamahusay (5)	Mahusay (3)	Paunlarin (1)
1. Nakalikha ng wastong ostinato pattern na may dalawahang kumpas.			
2. Naisagawa nang wasto ang stick notation.			
3. Naisaliw ang tunog gamit ang iba't ibang galaw ng katawan habang sumasabay sa pag-awit.			
Kabuuan			







Tayahin



Panuto: Tukuyin ang wastong sagot sa bawat bilang. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



1. Bilugan ang larawan na hindi ostinato.

a.  



b.  



c.  



 



d.  

2. Bilugan ang nagpapakita ng ostinato.

a.  

b.  

c.  

d.  

3. Ano ang ostinato?
 - a. Paulit-ulit na rhythmic pattern na ginagamit pansaliw sa awit
 - b. Isang tugtug na sinabayan ng sayaw
 - c. Isang uri ng ritmo
 - d. Isang himig

4. Ang _____ ay paulit-ulit na rhythmic pattern na ginagamit pansaliw sa awit.
 - a. beat
 - b. note
 - c. rhythmic pattern
 - d. ostinato

5. Ang pagpapalalapak ay isang galaw na may _____.
 - a. walang tunog o rest
 - b. tunog
 - c. indayog
 - d. tugtug



Karagdagang Gawain

A. Sabayan ang mga sumusunod na stick notation sa pamamagitan ng pagpalakpak, pagtatapik ng mga bagay na tumutunog o pagpapatunog ng mga rhythmic instrument.



1. 4 ||: | ♩ | | | ♩ | | | ♩ | | | ♩ | | :||









































2. 3 ||: | □ | | | □ | | | □ | | | □ | | :||

3. 2 ||: | ♩ □ | | ♩ □ | | ♩ □ | | ♩ □ :||

	Pinakamahusay (5)	Mahusay (3)	Paunlarin (1)
1. Naisagawa nang wasto ang pagsunod sa <i>stick notation</i> .	Nagawa nang tama ang pagsaliw sa tunog ng bawat stick notation.	Nagkaroon ng 1-5 mali sa pagsaliw ng tunog.	Naisagawa ang gawain nga may 6 o higit pang mali sa bawat sukat.
2. Naisaliw ang mga sumusunod na stick notation gamit ang iba't ibang bahagi ng katawan.	Naisaliw ang sumusunod na stick notation sa tatlong paraan.	Naisaliw ang mga sumusunod na stick notation sa dalawang paraan.	Naisaliw ang stick notation sa isang paraan.
Kabuuan			

B. Ihanay ang sumusunod na larawan na nasa loob ng kahon ayon sa wasto nitong stick notation. Isulat ang titik ng wastong sagot sa iyong sagutang papel.



a.													
b.													
c.													
d.													
e.													



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>1. a 2. c 3. a 4. d 5. b</p> <p>Karagdaganng Gawain</p> <p>A. Pagganap B. 1. c 2. a 3. d 4. e 5. b</p>	<p>Pagpamamili:</p> <p>1. A 2. C 3. A 4. ♯ ♯ I ♯ 5. Maaring magkakaiba ang sagot</p> <p>Gawain 1</p> <p>1. A 2. C 3. A 4. ♯ ♯ I ♯ 5. Maaring magkakaiba ang sagot</p> <p>Gawain 2</p> <p>1. Maaring magkakaiba ang sagot 2. Maaring magkakaiba ang sagot 3. Maaring magkakaiba ang sagot 4. Maaring magkakaiba ang sagot 5. Maaring magkakaiba ang sagot</p> <p>Isagawa:</p> <p>1. Maaring magkakaiba ang sagot 2. Maaring magkakaiba ang sagot 3. Maaring magkakaiba ang sagot 4. Maaring magkakaiba ang sagot 5. Maaring magkakaiba ang sagot</p>	<p>Subukin</p> <p>1. B 2. C 3. D 4. E 5. A</p> <p>Balikin</p> <p>1. I ♯ II 2. III ♯ 3. ♯ II ♯ 4. I ♯ I 5. II I </p>
--	---	--

Sanggunian

Batiloy, Fely A. , Borbor , Ma.Teresa P. , Cinco, Mary Grace V. , Digo, Maria Elena D., Enguero, Fe V. ,Ilagan, Julian, Arthur M. Amelia M., Obseñares, Josephine Chonie M. , Villareal, Josepina D.,2014, 2016,2017, *Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc. , 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph